# KARUNUNGAN TUNGKOL SA MGA TALA, AT PANGHUHULA

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ang aralin ay magpapaliwanag tungkol sa astrolohiya, panghuhula at Islamikong gabay patungkol sa mga ito.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Islamikong Paniniwala › Mga Haligi ng Paniniwala

**Ni:** Imam Kamil Mufti (© 2016 NewMuslims.com)
**Nai-publish sa:** 19 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin

· Magkaroon ng kaalaman sa ibat-ibang anyo ng karaniwang panghuhula sa hinaharap.

· Ang maintindihan ang partisipasyon ng *Jinn* sa panghuhula sa hinaharap.

· Ang pahalagahan ang kaseryusohan (kasalanan) ng pagbisita sa mga manghuhula ng kapalaran at sa paniniwala dito.

· Ang matutunan ang astrolohiya at horoskop at ang hukom dito.

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Jinn* - isa sa mga nilikha ng Allah bago ang Tao mula sa apoy na walang usok. sila ang mga tinatawag sa ngayon bilang mga kaluluwang buhay, mga engkanto, mga tiyanak, maligno at marami pang iba.

·*Shirk* – salitang nagpapahiwatig ng pagtatambal sa Allah, o pagsasabi ng katangiang pagkaDiyos sa sinuman maliban kay Allah, o maniwalang ang pinanggagalingan ng kapangyarihan, pinsala , at biyaya ay nagmumula sa iba maliban kay Allah.

·*Kufr* – kawalan ng paniniwala.

·*Tawheed* – Ang kaisahan at pagkabukod tangi ng Allah bilang pagkilala sa kanyang pagiging Panginoon, sa Kanyang mga Pangalan at sa Kanyang mga Katangian at ang Kanyang Karapatan para Sambahin.



Ang mga tao na nasa ganitong gawain ay Kilala bilang mga manghuhula, tagapaliwanag ng kapalaran, at may mga katangiang makita ang hinaharap, magpapalad, ilang taong nag-aangkin ng katangiang nalalaman ang hinaharap. sila'y gumagamit ng ibat ibang pamamaraan at mga kasangkapan na kanilang pinaniniwalaan na nakakapagbigay sa kanila ng impormasyon, gaya ng pagbabasa sa mga dahon, pagguhit ng linya, pagsulat ng numero, pagbasa sa palad, sa mga bituin, bolang kristal na panghuhula, at pagbato ng mga stik.

**Nalalaman ba nila talaga ang kanilang ina-angkin?**

1. Ilan sa kanila ay walang totoong kaalaman. Sila ay nagsasagawa ng mga walang kabuluhang ritwal, at sila ay magsasabi ng mga haka-hakang pananaw. Ilan sa kanilang haka-haka ay maaring nagkataong katulad ng katotohanan. Ang mga tao ay tumitingin sa mga mangilan-ngilang hula na nagkatotoo at nakakalimutan ang maraming hindi nagkatotoo.

2. May ilang grupo na may ugnayan sa *Jinn*. at ito ay nabibilang sa isang malaking kasalanan na *shirk*, at silang mga kasangkot ay nagbabakasakaling maging mas makatotohanan sa kanilang impormasyon .

## Ang tungkulin ng *Jinn*

Ang masamang *Jinn* ay kadalasang tinatawag sa pamamagitang ng mga di kaaya-ayang gawain na ipinagbabawal sa relihiyon para tulungan ang kanilang kasabwat na tao sa paggawa ng kasalanan at kawalang paniniwala. Kapag ang pakikipag-ugnayan ng mga manghuhula sa *jinn* ay isinagawa, ang mga *jinn* ay nagbibigay-alam sa kanila ng ilang mga kaganapan sa hinaharap. Ang Propeta sumakanya nawa ang biyaya at pagpapala ng Allah, ay nagsabi kung paano nakakakuha ng impormasyon ang mga *jinn* patungkol sa hinaharap, isinalaysay niya na ang mga *jinn* ay kayang maglakbay sa pinaka mababang antas ng mga kalangitan at pinakikinggan ang ilang impormasyon patungkol sa hinaharap ,kung saan itoy ibinabalita ng mga anghel sa kanilang mga kasamahan, at sila'y babalik sa mundo upang ibalita ito sa kanilang mga kasabwat na tao (*Bukhari*). Kaya't sa pamamagitan nito naging malinaw na ang mga *jinn* ay walang kaalaman sa anumang di nakikita, kung hindi sila ay nagnanakaw lang ng impormasyon na kanila lamang naririnig mula sa mga anghel, sa katotohanan, ang mga anghel mismo ay wala din kaalaman sa mga bagay na ito maliban na ipahintulot ng Allah na malaman nila ito.

Ang *Jinn* ay magagawa ding magbigay-alam sa kanilang kasabwat na tao patungkol sa hinaharap mula sa ibang kapamaraanan, kung may pupunta sa isang manghuhula, ang *jinn* ng manghuhula ay kukuha ng impormasyon mula sa *Qareen (* Ang *jinn* nanakatalaga sa bawat tao) kung ano ang planong meron siya bago ito dumating.

Kaya't ang manghuhula ay pweding magsabi na gawin mo ito at yaon. O pumunta ka dito o doon, sa pamamagitan ng paraan na ito , ang tunay na manghuhula ay magkakaroon din ng kaalaman sa nakaraan ng taong nagpapahula na maliwanag at detalyado, kaya niyang sabihin sa nagpapahula ang pangalan ng kanyang magulang, kung saan siya ipinanganak, at ang kanyang kabataan.

## Ang pagbisita sa mga manghuhula

Ang Propets ay naglatag ng mga panuntunan na maliwang na nagbabawal sa anumang sitwasyon ng pagbisita sa mga manghuhula, siya ay nagsabi:

***" Ang panalangin ng sinumang magtutungo sa mga manghuhula at siya ay magtanong ng anuman ay hindi tatanggapin sa loob ng 40 araw at gabi." (Muslim)***

Ang kaparusahan ay dahil lamang ng pagbista sa isang manghuhula at magtanong o mag-usisa.

## Paniniwala sa mga Manghuhula

Sinuman na bumisita sa manghuhula sa *paniniwalang* may alam siya sa mga di nakikita at sa hinaharap ay nakagawa ng *kufr* (kawalang paniniwala). Ang Propeta ay nagsabi :

***" Sinuman ang makipag-ugnayan sa manghuhula at maniwala sa sinasabi nito ay nawalan ng paniniwala sa ipinahayag kay Muhammad." (Abu Dawud)***

Ang ganitong paniniwala ay nakatalaga sa ilang mga katangian ng Allah patungkol sa kaalaman ng mga di nakikita at sa hinaharap.

katulad din ito doon sa mga nagbabasa ng mga aklat at mga isinulat ng mga manghuhula, pakikinig sa kanila sa internet, radyo, o sa telebesyon.

Lahat ng ibat-ibang klase ng pamamaraan na ginagamit ng mga tagabulong, manghuhula at mga kauri nito ay hindi ipinahihitulot sa mga Muslim.

Ang pagbabasa ng palad, I-Ching, fortune cookies, mga dahon ganun din ang Zodiacal signs at Bio-rhythm computer na programa, lahat ng pag-angkin na para masabi sa mga naniniwala sa kanila ang kanilang hinaharap. Ganunpaman si Allah ay nagpahayag na walang sinuman ang nakakatiyak at Siya lang ang tanging nakakaalam ng hinaharap:

***"Katiyakan, ang kaalaman sa Takdang oras ay kay Allah lamang. Siya ang nagpapababa ng ulan at Siya ang nakakabatid sa anumang nilalaman ng mga sinapupunan walang nakakaalam kung ano ang kanyang kahihinatnan sa kinabukasan***

***at kung saang lugar siya aabutan ng kamatayan, ngunit si Allah ang pinaka-maalam at lubos na nakakabatid ."(Quran 31:34)***

# Astrolohiya

Ang astrolohiya ay ang pag-aaral sa ugnayan sa pagitan ng paggalaw ng mga bituin at ang mga impluwensiya nito sa mga tao at mga kaganapan.

Ang astrolohiya ay kapansin-pansing lumaganap sa mga nakalipas na mga panahon. Libro, magasin, at sa mga peryudiko ay nailathala, sa ilalim ng ibat ibang titulo o katawagan kagaya ng *Ano ang meron sa Bituin para sa iyo?*

Ang isang totoong Muslim ay nararapat lang na lumayo sa astrolohiya dahil nagpapahiwatig ito ng ugnayan sa pagitan ng mga bituin, planeta, at mga pangyayari na naganap dito sa mundo, na nagpapalagay na ang hinaharap ay nahuhulaan. Ito'y nag-aangkin ng kaalaman sa mga hindi nakikita base sa mga haka-haka at pala-palagay gayung ang kaalaman ay tanging kay Allah lamang. Ang planeta at mga bituin ay hindi pweding gamitin bilang tagapagpahiwatig ng kasiyahan, kalungkutan, buhay, o kamatayan. Ang kataas-taasang Allah ay nagsabi sa banal na Quran :

***"(Siya lamang ) ang Pinaka-maalam ng mga ghayb (di nakikitang bahagi ), at hindi Niya ipinahayag kaninuman ang Kanyang ghayb (di nakikitang bahagi), maliban sa Mensahero ( mula sa sangkatauhan) na Kanyang pinili ( at ipinahayag Niya dito ang mga di nakikitang bahagi ayun sa Kanyang nais ), at Siya ay naglagay ng mga anghel na tagamasid na mangangalaga na mauuna sa kanya at sa likuran niya." (Quran 72:26-27)***

Ang paniniwala sa astrolohiya at sa kalagayan ng horoskop ay maliwanag na kabaliktaran sa katuruan ng islam. Parehong nag-aangkin na may kaalaman sa hinaharap, ang pag-angkin ng tagapag-gawa ng astrolohiya ay salungat sa *tawhid* gaya ng mga ordinaryong manghuhula, sila'y nag-aangkin na ang mga katangian ng tao ay may kinalaman sa mga bituin at sa kanilang hinaharap, at ang mga pangyayari sa kanilang buhay ay nakasulat sa mga bituin. Ang isang ordinaryong astrolohiyo ay nag-aangkin na ang pagkakadugtong ng mga dahon sa ilalim ng isang tasa o ang mga linya ng mga palad ay nagsasabi ng parehong bagay, sa parehong pangyayari ang isang indibiduwal ay nag-aangkin ng kakayahang mabasa sa pisikal na pagkakabuo ng mga nilikhang bagay, kaalaman sa di na nakikita.

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/314/karunungan-tungkol-sa-mga-tala-at-panghuhula

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.